Republika ng Pilipinas
BAYAN NG BALAYAN
Lalawigan ng Batangas

TANGGAPAN NG PUNONG-BAYAN

KAUTUSAN BILANG 09, S. 2020

ALITUNTUNING DAPAT SUNDIN SA PAGPAPAGAPAK, PAG-AANI, O PAGTATABAS NG TUBO PARA ILOHIN SA BAYAN NG BALAYAN

SAPAGKAT, si Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Pilipinas, ay nagdeklara ng "State of Public Health Emergency" sa buong Pilipinas at inilagay ang buong Luzon sa ilalim ng "Enhanced Community Quarantine" dahil ng Covid-19;

SAPAGKAT, sa bisa ng Proclamation No. 922 ni Pangulong Duterte, ang lahat ng local ng pamahalaan ay binigyan kakayahan na gawin ang lahat na nararapat ng naayon sa batas upang ipatupad ang mga polisiya ng pambansang pamahalaan upang paglabanan ang pagkalat ng sakit na Covid-

SAPAGKAT, ang sektor ng mga magsasaka, partikular ang mga magtatabas, maggagapak ng tanim na tubo, ay naaapektuhan ng "Enhance Community Quarantine" dahil sa posibleng malapitang interaksyon ng mga magtatabas o maggagapak sa isa't isa;

SAPAGKAT, batid ng pamahalang bayan ang epekto sa industriya ng asukal sa Balayan kung pipigilin na anihin ang natitirang tubo sa buong bayan at kung kaya't, minabuti ng pamahalang bayan na payagan ang operasyon ng pag-aani ng tubo, sa ilalim ng mga pasubali na itinatakda dito.

DAHIL DITO , AKO EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II, Punong-bayan ng Balayan, Batangas, sa bisa ng kapangyarihan ipinagkaloob sa akin ng batas, dito ay nagtatakda ng mga sumusunod:

1. Ang pag-aani ng tubo ay gagawin sa patnubay ng plantador o may-ari ng lupa, o kinatawan nito, at ng kinatawan ng barangay;

2. Laging ipatutupad ang "social distancing policy" na kung saan ang bawat mag-gagapak o mag-aani ay palaging magkalayo ng may distansiyang isang (1) metro sa isa't isa sa lahat oras at bibigyan ng kaukulang face mask ng may ari ng lupa o plantador;

3. Kung ang maggagapak o mag-tatabas ay dapuan o kakitaan ng alinmang sintomas ng sakit na Covid-19, tutulungan ng may-ari ng lupa o plantador ang pagpapagamot nila;

4. Ang plantador o may-ari ng lupa ay hihingi ng paunang kapahintulutan sa Barangay Chairman sa pag-aaning ipapatupad sa kanyang nasasakupan at isusumite ng may-ari ng lupa o plantador sa Barangay Chairman ang mga pangalan at pook tirahan ng maggagapak o mag-aani para sa monitoring ng barangay.

5. Ang pag-aani ng tubo ay gagawin lamang pamula 7:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

6. Kung sakaling ipatigil ng pambansang pamahalaang ang lahat ng gawaing may kaugnayan sa pag-aani ng tubo, ang kautusang ito ay mawawalan ng bisa at lahat ng pag-gagapak at pag-aani ng tubo sa buong Balayan ay agarang ititigil din.

7. Ang kautusang ito ay agarang magkakabisa.

IPINAGUUTOS.

GINAWA NGAYONG, ika 21 ng Marso 2020 sa Balayan, Batangas.

EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II
Punong Bayan